
2

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 6:
## Pagbigay nang Angkop na Pamagat sa Binasang Teksto, Talata at Kuwento



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Baitang 2**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 6: Pagbigay nang Angkop na Pamagat sa Binasang Teksto, Talata at Kuwento**
**Unang Edisyon, 2020**

**Paunawa hinggil sa karapatang-sipi**: Isinasaad sa Seksiyon 176 ng Batas Pambansa Bilang 8293: Hindi maaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad ng *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda/materyales (mga kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, pangalan ng produkto o *brand names,* tatak o *trademarks,* palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapalathala o *publisher* at may akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon, Rehiyon III

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Rubirosa S. Antonio |
| **Patnugot ng Wika:** | Remedios C. Gerente PhD-CAR |
| | Marieanne C. Ligsay PhD |
| **Tagasuri:** | Edquel M. Reyes MLIS |
| | Alma T. Bautista PhD |
| | Remedios C. Gerente PhD-CAR |
| | Sonny N. De Guzman EdD |
| | Marieanne C. Ligsay PhD |
| **Tagaguhit:** | Isagani D. Tique, Norman B. Cruz |
| **Tagalapat:** | Armando Deogines A. Garcia, Norman B. Cruz |
| **Tagapamahala:** | Nicolas T. Capulong PhD, CESO V |
| | Ronilo Al K. Firmo PhD, CESO V |
| | Librada M. Rubio PhD |
| | Ma. Editha R. Caparas EdD |
| | Nestor P. Nuesca EdD |
| | Engr. Edgard C. Domingo PhD, CESO V |
| | Leondro C. Canlas PhD, CESE |
| | Elizabeth O. Latorilla PhD |
| | Sonny N. De Guzman EdD |
| | Remedios C. Gerente PhD-CAR |

Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon-Region III

Office Address: Matalino St., Diosdado Macapagal Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 6: Pagbigay nang Angkop na Pamagat sa Binasang Teksto, Talata at Kuwento

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino Baitang 2_ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pagbigay nang Angkop na Pamagat sa Binasang Teksto, Talata at Kuwento.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to 12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



*Mga Tala para sa Guro*
Ito'y naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino Baitang 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Pagbigay nang angkop na Pamagat sa Binasang Teksto, Talata at Kuwento.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |

| | |
|---|---|
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.

6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## Alamin

Pagkatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang makapagbibigay nang angkop na pamagat sa binasang teksto, talata, at kuwento **(F2PB-IIj-8).**

## Subukin

Panuto: Tingnan ang mga larawan. Piliin ang angkop na pamagat. Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.


1. 

   a. Ang Batang Marungis
   b. Ang Batang Namamalimos
   c. Ang Batang nasa Kalye

2. 

   a. Ang Batang Nagbabasa
   b. Ang Bata
   c. Ang Batang Masipag Mag-aral

3.



a. Ang Maitim na Baboy
b. Mahalin ang Baboy
c. Ang Matabang Baboy

4.



a. Mga Batang Natutulog
b. Larong Pinoy
c. Matira Manalo

5.



a. Ang mga Gulay
b. Ang mga Prutas
c. Masusustansiyang Pagkain

# Aralin 1 Pagbigay nang Angkop na Pamagat sa Binasang Teksto, Talata at Kuwento

Sa pagbigay nang angkop na pamagat ng isang teksto, talata, o kuwento, mahalagang alamin o tukuyin mo muna ang paksang-diwa o paksang pangungusap.



## *Balikan*

Panuto: Basahin ang mga pangungusap. Tukuyin ang mga nakasalungguhit na mga salita kung (**PR**)Pamaraan,(**PM**)Pamanahon, at (**PL**) Panlunan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

______1. <u>Nakangiting</u> dumating si Cora.

______2. <u>Isa- isa</u> niyang tinawag ang kanyang mga kapatid.

______3. "Tinanggap ko <u>kanina</u> ang liham na ito," sabi ni Cora.

______4. <u>Sa paaralan</u> natanggap ni Cora ang liham mula sa kanilang ama.

______5. Sabay-sabay silang napasigaw nang mabasa ang nilalaman ng liham.

# *Tuklasin*





Sa araling ito, iyong pag-aaralan ang tamang paraan sa pagbibigay ng angkop na pamagat sa isang teksto o kuwentong binasa.

Halika, basahin at unawain mo ang kuwento. Isulat ang iyong naisip na angkop na pamagat ng kuwento sa sagutang papel.

Isang umaga, inutusan ni Nanay si Jenna.




Habang naglalakad si Jenna papuntang tindahan, paulit-ulit niyang isinasaulo ang bibilhin niya.



Nakarating si Jenna sa tindahan at nabili niya kay Aling Tinay ang dalawang yelo at tatlong itlog.

## *Suriin*

Mahalaga sa iyong pagbabasa ng teksto, talata o kuwento na makuha ang pangunahing diwa nito. Ito ang pinakabuod ng mga pangyayari.

Sa pagbuo ng pamagat, kailangang gumamit ng malaking letra sa mahahalagang salita sa pamagat. Ang unang letra ng salita sa pamagat ay sinisimulan din sa malaking titik.

Upang maibigay mo ang angkop na pamagat ng teskto, talata o kuwento, tandaan ang mga pangunahing layunin nito:

1. Mas simple ang nilalaman ngunit detalyado.
2. Nakapupukaw ng atensyon sa mambabasa.
3. Ipinapahayag ang pagiging katangi-tangi.

# Pagyamanin

## Gawain 1

Panuto: Basahin ang teksto at piliin ang angkop na pamagat. Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

1. Ang mga langgam ay masipag na naghahanap na ng maiipon na pagkain. Malapit na kasi ang tag-ulan. Lahat sila ay nagtutulungan at nagtatrabaho. Wala isa man sa kanila ang nagrereklamo.
   a. Ang Tag-ulan
   b. Ang mga Langgam
   c. Masisipag na Langgam

2. Ang Inang Kalikasan ay tunay na napakaganda. Makapagtatampisaw ka sa malilinis na mga ilog at sapa. Makaka-akyat ka sa mayayabong na mga puno.
   a. Ang Inang Kalikasan
   b. Ang Malilinis na Ilog at Sapa
   c. Ang Mayayabong na mga Puno

3. Si Maria ay isang batang nagsisikap na makapagtapos sa kaniyang pag-aaral. Kahit walang baon na dala, patuloy pa rin siyang pumapasok. Pangarap ni Maria na maging isang guro. Nais niyang turuan ang kapwa niya mga

bata na hirap sa buhay. Positibo siya na magkakatotoo ang kaniyang pangarap.

a. Si Maria
b. Ang Kasipagan ni Maria
c. Ang Pangarap ni Maria

4. Habang naglilinis si Ruben sa klasrum, nakita niya na naiwan ng kaniyang guro ang kaniyang pitaka. Nang buksan niya ito, laking gulat niya nang makita ang halaga nito. Hindi siya nagdalawang isip, hinabol at ibinalik niya ito sa kaniyang guro.

a. Ang Pitaka
b. Ang Katapatan ni Ruben
c. Halaga ng Pitaka

5. Sina Lito at Bruno ay matalik na magkaibigan. Alam nila kung ano ang ayaw at gusto ng isa't isa. Hindi sila mapaghihiwalay, magkatabi sa klasrum, sabay kumain, sabay naglalaro at umuuwi. Hindi sila nag-iiwanan.

a. Matalik na Magkaibigan
b. Walang Iwanan
c. Sina Lito at Bruno

## Gawain 2

Panuto. Isulat ang <u>Tama</u> kung ang pamagat ng teksto ay angkop, <u>Mali</u> kung ito ay hindi angkop na pamagat. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

1. Pamagat: Ang Batang Bibo

Araw-araw ay nagtatabi ng barya si Berto mula sa kaniyang baon. Inilalagay niya ang mga ito sa kaniyang kawayang alkansiya. Nag-iipon siya dahil gusto niyang bilhin ang bola na ibinebenta sa tindahan ni Aling Myrna.

2. Pamagat: Si Don Roberto

Si Don Roberto ay kilala sa kanilang lugar. Siya ang pinakamayaman at nakatira siya sa mansiyon. Bukas ang kaniyang malaking bahay sa kaniyang mga kababayan. Higit sa lahat, siya ay mapagkawanggawa, matulungin at may malasakit sa kapwa.

3. Pamagat: Bayanihan

Nakatira sa gilid ng sapa ang mag-asawag Mang Teban at Aling Conching. Malapit nang anurin ng tubig ang kanilang kubo. Naisipan ng kanilang mga kapitbahay na tumulong sa mag-asawa. Nagkatipon-tipon ang kalalakihan sa kanilang lugar at sama-sama nilang binuhat ang kubo ng mag-asawa at inilipat sa mas mataas na lugar.

4. Pamagat: Ang Guro

Ang guro ay nagsisilbing pangalawang magulang sa paaralan. Tinitiyak niya ang pagkatuto at kaligtasan ng kaniyang mga mag-aaral.

5. Pamagat: Ang Matandang Pulubi

Habang naglalakad si Tonio, nakasalubong niya ang isang matandang pulubi na tila gutom na gutom. Mabilis niyang kinuha ang kaniyang tinapay at juice na baon at ibinigay sa matandang pulubi.

## Gawain 3

Panuto: Basahin ang bawat talata. Hanapin sa kahon ang angkop na pamagat. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

| | |
|---|---|
| Ang Niyog | Gamit ng Niyog |
| Bitamina A | Ang Paglilinis ni Leo |
| Kahalagahan ng Bitamina A | Ang Sorpresa kay Joyce |
| Ang Paligsahan | Ang Maglola |
| Mapagmahal na Apo | Ang Kasipagan ni Leo |

1. Ang niyog ay may karaniwang taas na 6 na metro o higit pa. Natatangi sa lahat ng puno ang niyog sapagkat bawat bahagi nito ay maaari ring sangkap sa paggawa ng sabon, shampoo, at iba pa.

2. Napakahalaga ng bitamina A sa ating katawan. Ito ang tumutulong upang lalong luminaw ang ating mata. Ang kakulangan sa bitaminang ito ay maaaring magdulot ng paglabo ng paningin. Ang mga pagkain na mayaman sa bitamina A ay atay (manok o baka) itlog, gatas, keso, mga luntian at dilaw na gulay at prutas.

3. Nagmamadaling umuwi si Joyce dahil nanalo siya sa paligsahan sa kanilang paaralan. Pagpasok niya sa kanilang bahay ay nakita niya ang isang bagong sapatos. Sa sobrang saya ni Joyce niyakap at hinalikan niya ng maraming beses ang ina at nagpasalamat.

4. Sa loob ng silid-aralan, madalas na makikitang naglilinis si Leo. Maaga siyang pumapasok sa paaralan para makapagwalis at makapaglampaso siya. Namana niya ang kaniyang kasipagan sa kaniyang tatay.

5. Lumaki si Rosa sa piling ng kaniyang Lola Ising. Bata pa lamang siya nang magiging ulila siya. Lumaking mabuting bata si Rosa. Hindi niya binibigyan ng sakit ng loob ang kaniyang lola pagkat mahal na mahal niya ito.

## Isaisip

Panuto: Punan ang bawat patlang ng tamang sagot. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

Sa pagbibigay ng pamagat sa isang talata, kailangan kong malaman ang ________. Ang mga katangian ng isang pamagat ay _______, _______, at

___________.

## Isagawa

Panuto: Basahin ang mga talata. Bumuo ka ng angkop na pamagat sa bawat talata. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

1. Ang kapistahan ng Our Lady of Peñafrancia ay ginaganap sa Naga City sa Bicol tuwing ikatlong Sabado ng buwan ng Setyembre. Pero ngayon ay ginaganap na rin ito sa buwan ng Mayo para sa mga hindi nakakadalo sa Setyembre. Bago ang mismong araw ng kapistahan, may siyam na araw na novena sa Birhen. Sa ikasiyam na araw, ibinabalik sa dambana ang imahen at idinadaan ito sa Ilog Naga sa paraang prusisyon ng mga bangka.

Pamagat: ____________________________________________

2. Ang pamilyang Pilipino ay isang napakahalagang institusyon. Sa gitna ng maraming suliranin, dapat umiral ang pagmamahalan, pagkakaisa at pagtutulungan upang lalong tumibay ang pagsasamahan ng isa't isa. Ano mang problema ang dumating, kailangang mapanatiling buo at matatag ang pamilya. Bukod dito biyaya ng Diyos ang ating pamilya kaya't patuloy mong ingatan.


Pamagat: ___________________________________



## *Tayahin*

Panuto: Tingnan mo ang mga larawan. Sumulat ng isang talata sa bawat bilang. Bigyan ang mga ito ng sariling pamagat. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

1.



Talata:

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

Pamagat: _____________________________________

2.



Talata:

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

Pamagat: _____________________________________

3.



Talata:


______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

Pamagat: ____________________________________

4.



Talata:

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

Pamagat: ____________________________________

5.



Talata:

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

Pamagat: ____________________________________

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Maghanap ng isang dyaryo o magasin. Kumuha ng talata mula rito at kunin ang pamagat. Angkop ba ang pamagat? Bakit? Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot. Humingi ng gabay mula sa iyong magulang o tagapag-alaga.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

# Susi sa Pagwawasto

| Subukin | Balikan | Isaisip | Pagyamanin |
|---|---|---|---|
| 1.b<br>2.c<br>3.b<br>4.b<br>5.c<br><br>Tuklasin<br>1. Ang Aso ni Dan<br>2. Dan, Tagpi, Nanay<br>3. nawala<br>4. Sa labas ng bahay<br>5. Oo/opo | 1. PR<br>2. PR<br>3. PM<br>4. PL<br>5. PR<br><br>Isagawa<br>1,Ang Kapistahan ng Our Lady of Penafrancia<br>2Ang Pamilyang Pilipino<br><br>Tayahin<br>Tanggapin ang sagot ng mag-aaral ayon sa larawang kanilang nakita. | Sa pagbibigay ng pamagat sa isang talata, kailangan kong malaman ang paksa. Ang mga katangian ng isang pamagat ay mas simple ang nilalaman ngunit detalyado, nakapupupukaw ng atensyon ng mambabasa, at ipinapahayag ang pagiging katangi-tangi | Gawain 1<br>1.c 2.a 3. C 4.b 5.c<br><br>Gawain 2<br>1.mali 2.tama 3.tama 4.tama 5.tama<br><br>Gawain 3.<br>1,Ang Niyog<br>2.Kahalagahan ng Bitamina A<br>3.Ang Sorpresa kay Joyce<br>4. Ang Kasipagan ni Leo<br>5. Mapagmahal na Ap |

## *Mga Sanggunian*


- Garcia, Nilda S., Jackelyn F. Aligante, Melany B. Ola, Aida J. Cruz, Erlinda B. Castro, Virginia C. Cruz, Matilde N. Padalla, Galcoso C. Alburo, and Estrella C. Cruz. 2013. *Ang Bagong Batang Pinoy Filipino 2 Kagamitan ng Mag-aaral* : Rex Book Store Inc.

**Para samgakatanungan o puna, sumulat o tumawagsa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph